
1

# Araling Panlipunan

## Apat na Markahan – Modyul 1: Distansya at Direksyon para sa pagtukoy ng Lokasyon



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Apat na Markahan – Modyul 01:Distansya at Direksyon para sa pagtukoy ng Lokasyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Julie Ann n. Lacanaria,
**Editors:** Lolita V. Lorenzo, Editha C Dimarucut,
Amelia B. Bergonia, Leonora L. Tuason ,
**Tagasuri:** Perfecta M Bautista,Elizabeth R Berdadero, Fidel B Manaligod,
Jenelyn B Butac, Miraflor B Mariano
**Tagaguhit:** Julie Ann N. Lacanaria
**Tagalapat:** Elizabeth R Berdadero, Jay Lord B. Gallarde
**Tagapamahala:** Estela R. Cariño
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Roderic B. Guinucay
Janette V. Bautista
Marivel G. Morales
Robert T. Rustia

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________
**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Araling Panlipunan

## Apat na Markahan – Modyul 1: Distansya at Direksyon para sa Pagtukoy ng Lokasyon

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:
Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa aralin ng pagtukoy ng lugar batay sa distansya at direksyon upang malaman ang lokasyon.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

> **Mga Tala para sa Guro**
>
> Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa konsepto ng distansya at lokasyon. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |

| | |
|---|---|
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |



*Karagdagang Gawain*

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



*Susi sa Pagwawasto*

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

*Sanggunian*

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.

6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Sa modyul na ito ay pag-aaralan natin ang konsepto ng distansya at direksyon at ang gamit nito sa pagtukoy ng lokasyon.


Matutunan mo sa modyul na ito ang pagtukoy sa lokasyon at direksyon sa mga lugar na nais mong puntahan o lokasyon at direksyon ng mga bagay tulad ng kaliwa, kanan, likuran, harapan,itaas, ibaba, malayo at malapit .

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:


Makikilala ang konsepto ng distansya at ang gamit nito sa pagsukat ng lokasyon, at nagagamit ang iba't ibang katawagan sa pagsukat ng lokasyon at distansya sa pagtukoy ng mga gamit at lugar sa bahay ( kanan, kaliwa, itaas, ibaba, harapan at likuran).

# Subukin


Panuto: Bilugan ang larawan na isinasaad ng pangungusap.




Aklat na nasa kanang bahagi ng upuan.



Bote na nasa harapan ng paso.



Lobo sa itaas ng puno.




Bola na nasa likuran ng damuhan.

# Modyul 1

# Distansya at Direksyon para sa pagtukoy ng Lokasyon

## *Balikan*

A. **Panuto:** Piliin ang larawan na nagpapakita nang kahalagahan ng paaralan sa buhay at komunidad. Ikabit ng guhit ang mga ito sa larawan ng paaralan



## Tuklasin

**Panuto:** Basahin nang masigla ang maikling kuwento.

Sa Aming Tahahan

ni Julie Ann N. Lacanaria

Ang munti naming tahanan ay puno ng saya at pagmamahalan. Bawat isa ay nagtutulungan. "Mga anak gumising na kayo, alas sais na ng umaga" sabi ni nanay. "Sabay - sabay na tayong mag- agahan at mamaya tayo ay pupunta sa likuran ng bahay, bibisitahin natin ang ating gulayan," dagdag na sabi ni tatay.

Nang sa may gulayan "nay, ang daming bunga ng ating mga tanim" wika ni Ana. "Maaari na rin itong anihin sabi naman ni Anton. "Maari nyo pang puntahan ang hardin sa harapan ng bahay para naman pumitas ng mga bulaklak" sabi ni nanay. "Tara na Ana sa may bandang kanan ng bahay na tayo dumaan para mas mabilis tayo makarating sa harapan" sabi ni Anton. Sabay nang tumakbo ang dalawang bata.

## Suriin


Ang lokasyon ay ang lugar o posisyon ng mga bagay o kinaroronan ng mga establisiyimento.

Mahalaga na malaman ang lokasyon ng mga lugar at bagay upang mas mabilis itong puntahan at hanapin.

May mga salitang ginagamit sa pagtukoy ng lokasyon ng mga bagay o lugar gaya ng kaliwa, kanan, harapan at likuran.

# Pagyamanin

**Panuto:** Pag-aralan ang larawan sa ibaba. Piliin at bilugan ang titik ng tamang lokasyon sa bawat tanong.



1.Nasa gitna ang inyong bahay, mula dito saan makikita ang mga bundok?

a. kanan
b. kaliwa
c. likod

2. Mula sa bahay-kubo, saan banda makikita ang ilog?
    a. kanan
    b. kaliwa
    c. harapan







3. Mula sa bahay-kubo, saan makikita ang mga bulaklak?
    a. harapan
    b. likuran
    c. kaliwa

4. Mula sa bahay-kubo, saan makikita ang gulayan?
    a. harap
    b. kaliwa
    c. kanan

5. Saan makikita ang mga ulap?
    a. sa harap ng puno
    b. sa itaas ng bundok
    c. sa ibaba ng bahay

# *Isaisip*


Panuto: Tignan ang mga larawan sa Hanay A. Ano ang mga bagay na makikita dito? Piliin ang titik ng tamang sagot sa Hanay B at isulat sa guhit.

| Hanay A | Hanay B |
| --- | --- |
| ________ 1.  | A.  |
| ________ 2.  | B.  |
| ________ 3.  | C.  |

## *Isagawa*

Panuto: Pumunta sa inyong sala at tumayo sa gitna. Iguhit sa kahon ang bagay na makikita sa kaliwa, kanan, harap at likuran ng sala.

Harapan ng sala



kaliwa


kanan

Likod na bahagi ng sala

## *Tayahin*

Panuto: Mula sa inyong bahay, tanawin ang kapaligiran o lugar na malapit sa inyo at iguhit sa loob ng kahon ang makikita mo sa mga direksyon at lokasyon na sumusunod.

1. Ano ang nasa Kaliwa? ________
2. Ano ang nasa Kanan? __________
3. Ano ang nasa harapan?_____________
4. Ano ang nasa likuran? _____________



# *Karagdagang Gawain*


Panuto: Gumuhit ng mga bagay na nakikita mo sa kinarorooan mo.

1. Ano ang bagay na nakita mo sa bandang kaliwa mo? Iguhit mo sa kahon na nasa kaliwa ng bata.

2. Ano ang bagay nakita mo sa bandang Kanang mo? Iguhit mo sa kahon na nasa kanan na kahon ng bata.

3. Ano ang bagay na nakita mo sa iyong harapan? Iguhit ito sa kahon na nasa harapan ng bata.

4. Ano ang bagay nakita mo sa likurang bahagi mo? Iguhit ito sa kahon na nasa likuran ng bata.




# Susi sa Pagwawawasto

Subukin
1. Aklat
2. Bote
3. Lobo
4. Bola

Isaisip
1. c
2. a
3. b

Balikan



Isagawa
Ibat-ibang posibleng sagot

Pagyamanin
1. C
2. B
3. A
4. E
5. b

Tayahin
Ibat-ibang posibleng sagot

Karagdagang gawain
Ibat-ibang posibleng sagot

# *Sanggunian*

K to 12 Curriculum Guide
Araling Panlipunan Unang Edisyon 2017,
Muling limbag 2017
Author: Noel P. Miranda, et al.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph

Edited- ltuason- sept18
Edited-lvlorenzo-9/19/2020
Edited: 9/21/2020 ABBergonia